

1. Paunawa Tungkol sa Paghahain ng City at Prefectural Taxes para sa Fiscal Year 2026.

Sa bansang hapon, kung nagtratabaho sa isang kumpanya, ang buwis sa kinita ay kusang ibinabawas sa buwanang sahod. Gayunpaman, ang halaga nito ay tinatantya lamang at hindi eksakto.

Sa katapusan ng taon sa buwan ng Disyembre, ang ang pinagtratabahuan na kumpanya ay kinakalap ang lahat ng impormasyon tulad ng taunang kita, sitwasyon ng pamilya at halaga ng binabayaranang insurances upang kalkulahin ang tamang bayarin sa buwis. Ito ay tinatawag na “Year-End Adjustments”. Kung sumobra ang binayaran na buwanang buwis ay makakatanggap ng refund. Kung hindi naman sapat ay kailangangan magbayad ng karagdagang halaga. Kadalasan, ang karamihan ay nakakatanggap ng maliit na refund.

Bilang karagdagan sa Income Tax, mayroon ding bayarin na City at Prefectural Taxes kung saan ka nakatira. Ang halaga ng buwis na babayaran sa City at Prefectural Taxes ay naayon sa halaga ng total na sahod na kinita sa nakaraang taon.

Sa karamihang pagkakataon, hindi mahalaga ang paghahain ng Income Tax Returns dahil isinasagawa ito ng pinagtratabahuang kumpanya ang proseso ng paghahain ng year-end adjustments ng buwis ng kanilang kinita. Subalit kung hindi ito ginawa ng kumpanya ay dapat gawin ito mismo ng sarili lalo na kung kinakailangang mag-apply ng tax exemption sa munisipiyong.

Ang itinalagang petsa ng paghahain ng income tax returns ay mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-16 ng Marso maliban sa Sabado, Linggo at holidays ng susunod na taon. Ang pag-file ng income tax ay on reservation basis. Mahalagang pagpasiyahan ang lugar, petsa at oras ng pagpapahinan ng buwis. Tumawag sa telepono at sundan lamang ang voice message para sa guide sa reservation.

Ang reserbasyon ay tatanggapin mula ika-20 ng Enero hanggang ika-15 ng Marso. Maaaring kumuha ng reserbasyon isang araw bago ang nais na petsa ng pag-file ng income tax. Hindi pinapayagang kumuha ng reserbasyon sa araw mismo ng nais na petsa.

Kung hindi gaanong marunong magsalita ng wikang hapon ay mahalagang magpatulong sa sinuman upang magkaroon ng pagkaka-intindihan.

2. Ang Pagbabayad ng National Pension Premiums sa Edad na 20 Taong Gulang.

Sa Japan, kung nagka-edad na ng 20 taong gulang ay kinakailangan ng lumahok sa National Pension. Ito ay iginagawad sa lahat ng nakarehistrong residente ng bansang ito kahit ang mga dayuhan. Lahat ay saklaw ng sistemang ito.

Ang mga empleyado ng isang kumpanya ay dapat maging kalahok sa National Pension Plan.

Pag-abot ng 20 taong gulang, ang Japan Pension Service ay magpapadala ng mga dokumento gaya ng Basic Pension Number Notification at National Pension Premium Payment Slips. Dapat bayaran ang buwang Pension Premiums. Ang Premium payment para sa fiscal year na 2025, ay nagkakahalaga ng 17,510 yen kada buwan.

Para sa mga may kahirapan na magbayad ng pension dahil sa kaliitan ng sahod o mga estudyante pa lamang ay may paraan upang magkaroon ng exemption o papapaliban muna ng bayarin.

Kung nais mag-apply ng exemption sa bayarin ng pension ay mahalagang mag-apply sa ikalawang palapag ng main building ng city hall o sa Community Development Promotion Section ng anumang sangay ng munisipyo.

May tatlong benepisyo ang pagpapatala sa National Pension:

1. Ang pagtanggap ng Basic Old-Age Pension sa pagtanda.
2. Ang pagtanggap ng Basic Disability Pension kung nagkaroon ng kapansanan dulot ng sakit o pinsala ng pangangatawan.
3. Ang pagtanggap ng Survivor's Basic pension kung namatay ang isang miyembro ng pamilya.

Bukod pa rito ay ang karapatang makatanggap ang lump-sum withdrawal payment na naibayad kung babalik na sa sariling bansa.

Kung ang isang dayuhan ay hindi magbayad sa kontribusyon ng National Pension ay makaka-apekto ito sa pagpapalit o pag-renew ng kanyang residency status. Ganundin sa pag-apply ng permanent residency. Ipinapatupad na ang mahigpit na mag-apply sa application para dito kung nasuring hindi nagbabayad sa nakalipas na dalawang taon.

Kung may mga panahon na hindi nakabayad o may exemptions, ang application sa visa ay may mataas na posibilidad na tanggihan kung kaya dapat tiyaking nakabayad nito.

3. Ang Transisyon Tungo sa My Number Health Insurance Card (Paalala Mula sa Anunsyo ng Disyembre ng Taong 2024)

Ang My Number's Health Insurance Card ay ang panuntunan na ang My Number's Card ay ginawa na ring Health Insurance Card. Ito ay pinapahintulutang gamitin sa mga pagamutan, dental clinics at parmasya. Ang mga dayuhang residente na may hawak ng Alien Residence Card at My Number's Card ay sakop nito.

Simula pa noong ika-2 ng Disyembre 2024 ang pag-isyu ng dating Health Insurance Cards ay itinigil na at inilipat na sa paggamit ng My Number's Health Insurance Card. Sa maikling panahon binigyan pa rin ng bisa ang paggamit ng dating Health Insurance Card kahit wala pang My Number's Card.

Subalit simula sa ika-2 ng Disyembre ng taong 2025, ang dating Health Insurance Card na papel o plastic card ay nawalan na ng bisa ang paggamit dito.

Kung wala pang My Number's Card o kung mayroon man at hindi pa ito nairehistro bilang Health Insurance Card ay dapat nang nakatanggap ng Eligibility Card. Ipakita ito sa mga pagamutan o ang My Number's Card kapalit ng Health Insurance Card. Subalit sa hinaharap, ang My Number's Health Insurance Card ay ang magiging pamantayan.

Maaring mag-apply ng My Number's Card sa munisipiyo kung wala pa nito. Kung nagkaroon na ay dapat irehistro ito bilang Health Insurance Card. Sa umpisa ay madali lamang itong irehistro sa pagamutan o parmasya sa pamamagitan ng paglagay ng

My Number's Card sa isang card reader. Maaaring gamitin ang face recognition o ilagay ang 4 digits na PIN No. at sumang-ayon sa pabibigay impormasyon sa pag-verify ng pagkakakilanlan.

Bilang karagdagan, ang My Number's Health Insurance ay hindi tulad ng dating Health Insurance Card na bawat buwan ay dapat ipakita sa pagamutan na pinupuntahan. Ang My Number's Health Insurance Card ay dapat ipakita sa tuwing magkakaroon ng check-up. Dapat matiyak ang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paglalagay sa card-reader tuwing pupunta sa pagamutan.